

2025 Abiso ng Pagiging Available ng Pondo para sa Grant Cycle 2 ng Transit-Oriented Communities (TOC) VTA

TALAAN NG MGA NILALAMAN

I. IMBITASYON AT ABISO NG PAGIGING AVAILABLE NG PONDO.....	1
II. PANGARAP NG GRANT PROGRAM NG TOC	1
A. Transit-Oriented Communities	1
B. Pangako ng VTA sa Pagpapasulong ng Sigla, Pagiging Patas at Konektadong mga Komunidad	2
C. Mga Tunguhin ng Grant Program ng Transit-Oriented Communities.....	2
III. IMPORMASYON NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT	3
A. Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante	3
B. Karapat-dapat na Lokasyon	3
C. Mga Hindi Karapat-dapat na Aktibidad at Hindi Pagtatangi	3
IV. PAGIGING AVAILABLE NG PONDO NG GRANT PROGRAM.....	4
A. Mga Area ng Programang ng Transit-Oriented Communities.....	4
V. ESKEDYUL AT PROSESO NG APLIKASYON NG GRANT PROGRAM NG TRANSIT-ORIENTED COMMUNITIES	7
A. Mga Workshop ng Pre-Application.....	8
B. Tulong sa Aplikasyon.....	9
C. Pagrepaso ng Aplikasyon At ng Proseso ng Pagpili.....	9
D. Abiso sa Pagpili, Kasunduan sa Grant at mga Apela	10
VI. KARAGDAGANG IMPORMASYON.....	10
A. Kagang Impormasyon	10
B. Mga Kalakip	11

LISTAHAN NG MGA TALAAN

Talananayan 1: Pangkalahatang-Ideya ng Programant Grant ng Transit-Oriented Communities5

MGA APENDISE

Apendise A: Karapat-dapat na mga Istasyon ng Transit ng Transit-Oriented Communities ng VTA at mga Transit Center

Apendise B: Transit-Oriented Communities Grant Cycle 2 ng VTA - Gabay sa Aplikasyon

I. IMBITASYON AT ABISO NG PAGIGING AVAILABLE NG PONDO

Ang Valley Transportation Authority (VTA) ng Santa Clara ay maglulunsad ng Notice of Funding Availability (NOFA) (Abiso ng Pagiging Available ng Pondo) upang mag-imbata ng kwalipikadong mga aplikante para magsumite ng mga mungkahi para sa mga programa at aktibidad na higit pang magpapaunlad ng Transit-Oriented Communities (TOCs) sa loob ng County ng Santa Clara. Gagawing available ng VTA sa mga karapat-dapat na mga aplikante ang hanggang \$750,000 na kabuuan na tumutugon sa Notice of Funding Availability para sa Cycle 2 (2025) para sa mga proyekto at aktibidad na nakaplanong simulan sa katapusan ng 2026. Sa pamamagitan nitong NOFA, ipinapagbigay-alam ng VTA ang oportunidad para sa Lokal na mga Ahensya at Community-Based Organisation (CBOs) (Organisasyong Nakabase sa Komunidad), ang gayong mga tuntunin ay inilarawan sa NOFA na ito, na mag-apply para sa pagkakaloob ng pondo.

Nagsisikap ang VTA na pondohan ang Lokal na mga Ahensya at mga Community-Based Organizations na nagpapatupad ng iba't ibang aktibidad na nagpapangyari sa pantay-pantay, Transit-Oriented Communities sa pamamagitan ng dumadaming pasahero ng transit. Dumadami ang mga panlipunan at pang-ekonomiyang oportunidad para sa lahat, at tinutugunan ang mga panrihiyong prayoridad, kaya nabibigyang-lakas ang mga residente sa paghubog sa kinabukasan ng kanilang mga pamayanan.

Sa pamamagitan ng Transit-Oriented Communities Grant, sinusuportahan ng VTA ang pakikipagpartner sa pagitan ng Lokal na mga Ahensya at mga Community-Based Organization na namumuhunan sa sining, mga pampublikong lugar, at pagpapaunlad, upang gawing mas masigla, nalalakad, nabibisikleta, at madaling mapuntahan ang transit ang mga lugar na malapit sa mga istasyon ng transit at mga transit hub sa County ng Santa Clara.

Dapat isumite ang mga aplikasyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng webpage ng vta.org/TOCgrant sa ika-4:00PM sa Lunes, Hunyo 11, 2025.

II. PANGARAP NG GRANT PROGRAM NG TOC

A. Transit-Oriented Communities

Tinukoy ng VTA ang Transit-Oriented Communities (TOCs) bilang magkahalong gamit, magkahalong kita na pantay-pantay at nasusustinihang mga komunidad sa paligid ng mga istasyon ng transit at transit center upang magbigay ng mga lugar para sa taong magkakaiba ang henerasyon na may iba't ibang background upang manirahan, magtrabaho, matuto, mamili, at maglaro na mayroon ng lahat ng mga pangangailangang pang-araw-araw na buhay na available sa loob ng distansyang madaling lakarin, sakay ng bisikleta, o biyahe ng transit.

Ang mga Transit-Oriented Communities ay nakikinabang sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga pagbuga ng greenhouse gas sa pamamagitan ng mas napapanatiling mga ruta ng paglalakbay na inuuna ang transit, paglalakad, at pagbibisikleta. Nagsusulong din sila ng kalusugan at kaligtasan, sumusuporta sa mga lokal na negosyo, at lumilikha ng masisiglang pamayanan sa pamamagitan ng pagsasama ng mga lokal na sining, kultura, at mga espasyo sa komunidad para sa mga kaganapan. May posibilidad na pataasin ng Transit-Oriented

Communities ang dami ng sumasakay sa transit, bawasan ang mga epekto sa pagpapaalis mula sa paglago sa hinaharap, at pahasayin ang mga kasalukuyang komunidad sa pamamagitan ng pinahusay na access sa mga pagpipilian para sa trabaho, pabahay, libangan, edukasyon, kultura, at mga serbisyo.

B. Pangako ng VTA sa Pagpapasulong ng Sigla, Pagiging Patas at Konektadong mga Komunidad

[Binabalangkas ng Patakaran sa Transit-Oriented Communities](#) ng VTA kung paano ipinapatupad ng VTA ang mga programa ng Transit-Oriented Community at Transit-Oriented Development (TOD) sa pagpapasulong ng misyon nito. Tinutugunan ng Patakaran kung paano pasusulongin ng VTA ang pagbuo ng magkahalong-gamit at magkahalong kita na patas at napapanatiling Transit-Oriented na Komunidad sa mga itinalagang ari-arian na pagmamay-ari ng VTA at sa mga nakapalibot na komunidad na may malapit na pakikipagtulungan sa mga Lokal na Ahensya at kanilang mga stakeholder sa pamamagitan ng publiko-pribado at publiko-publikong pakikipagpartner. Isinusulong din ng Patakaran ang mga layunin sa rehiyon, kabilang ang [Patakaran sa Transit-Oriented Communities ng Metropolitan Transportation Commission \(MTC\)](#).

Ang programa ng Transit-Oriented Communities ng VTA ay nagbibigay-prioridad sa isang pamamaraang nakatuon sa pagkakapantay-pantay, na tinitiyak na ang mga komunidad na hindi kasama sa kasaysayan at mahihina ay siyang sentro at tuwirang sangkot sa mga pagsisikap sa pagpapalano at pagpapaunlad. Sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa pagkakapantay-pantay, pangkulturang kahalagahan, at pagbibigay-kapangyarihan sa komunidad, itinataguyod ng programa ang inklusibong paglago upang makamit ang katatagan, di-natitinag at maunlad na mga pamayanan para sa lahat ng mga residente.

C. Mga Tunguhin ng Grant Program ng Transit-Oriented Communities

Ang Grant Program ng Transit-Oriented Communities ng VTA ay sumusulong sa pagpapatupad ng Mga Layunin ng Patakaran ng VTA sa pamamagitan ng mga layuning espesipiko sa Grant Program, na nakalista sa ibaba.

- Paunlarin ang mga makabago at matatag na pakikipagpartner sa mga VTA, Lokal na Ahensya, Mga Community-Based Organization, at magkakaibang stakeholder upang ipatupad ang pantay-pantay at Transit-Oriented Communities at alisin ang mga hadlang sa ligtas, naa-access, madaling lakarin, malusog, matatag, at umuunlad na mga pamayanan sa tabi ng transit.
- Suportahan ang mga plano at patakaran na magpapasulong sa Transit-Oriented Communities sa County ng Santa Clara, kabilang ang pag-ayon sa mga layunin ng Transit-Oriented Communities Policy ng VTA at Transit-Oriented Communities Policy ng MTC.
- Pasulongin ang pagsakay sa transit at aktibong mga pamamaraan ng transportasyon.
- Bigyang-kapangyarihan ang Community-Based Organization upang maging kampion sa mga proyektong nagpapatatag at nagpapalakas ng abot-kayang halaga ng pabahay at oportunidad na pang-ekonomiya ng pamayanan sa County ng Santa Clara.
- Bigyan ng kapangyarihan ang mga lokal na komunidad na makibahagi at magsulong para sa matatag, malusog at maunlad na mga pamayanan na malapit sa transit sa paraang pantay-pantay.

III. IMPORMASYON NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ang mga aplikasyon para sa mga proyektong natapos at isinumite sa takdang oras ay tatanggapin mula sa mga aplikanteng nakakatugon sa mga sumusunod na kinakailangan at kundisyon ng pagiging karapat-dapat. Ang mga aplikasyon ay dapat na nakakatugon sa dalawang kinakailangang ito sa pagiging karapat-dapat upang makapag-apply.

A. Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante

Ang mga karapat-dapat na aplikante para sa VTA Transit-Oriented Communities Grant Program ay dapat na mga Lokal na Ahensya at/o Community-Based Organization (CBO), o mga organisasyong may pinansyal na pakikipagtuwang sa isang CBO.

Ang Lokal na Ahensya ay isang pampublikong ahensya o iba pang pampublikong entity, na may awtoridad sa paggamit ng lupa o nagsasagawa ng mga aktibidad sa pagpapalano, na matatagpuan sa loob ng County ng Santa Clara. Maaaring kabilang dito ang mga lokal na pamahalaan, mga espesyal na distrito, mga distrito ng paaralan, at mga tribong bansa. Isang minimum 15% na katugma ang kinakailangan para sa lokal na mga ahensya.

Ang Community-Based Organization (CBO) ay tinukoy bilang organisasyong hindi pangnegosyo na may 501(c)(3) at matatagpuan sa o may pangunahing lugar ng negosyo nito sa County ng Santa Clara, o may piskal na sponsor na may ganoong katayuan. Maaaring kabilang dito ang mga pampublikong kawanggawa, mga unibersidad, mga grupong nakabatay sa pananampalataya, mga institusyong pangkultura, mga pampamayanang asosasyon, at mga organisasyong pangkalikasan. Ang organisasyon (at piskal na sponsor, kung naaangkop) ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa isang taong kasaysayan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad sa County ng Santa Clara. Mangyaring tandaan na ang pagiging karapat-dapat ay nag-iiba-iba depende sa Program Area ng Transit-Oriented Community kung saan itinataguyod ang aplikasyon. Ang pagiging karapat-dapat na espisipiko sa Program Area ay inilaan sa Talahanayan 1 sa Seksyon IV ng NOFA na ito.

B. Karapat-dapat na Lokasyon

Dapat na matatagpuan sa County ng Santa Clara sa loob ng kalahating milaya ang karapat-dapat na mga proyekto, o nasa kahabaan ng corridor ng bus ng VTA na nagseserbisyo sa kasalukuyan o nakaplanong light rail station o transit center ng VTA, o commuter rail station na siniserbisuhan ng BART, Caltrain, Capitol Corridor, o ACE. Isang listahan ng angkop na mga istasyon ng transit at mga transit center ang inilaan bilang Apendise A. Isang mapa na tumutukoy sa karapat-dapat na mga lokasyon ng proyekto ang inilaan sa <http://www.vta.org/tocgrant>.

C. Mga Hindi Karapat-dapat na Aktibidad at Hindi Pagtatangi

Nilalayan ang VTA Transit-Oriented Communities Grant upang suportahan ang pagpapalano, pakikipag-ugnayan, at pagpoprogramang mga pagsisikap na magpapasulong sa Transit-Oriented Communities sa County ng Santa Clara. Ang mga aktibidad ng kontruksyon tulad ng

bagong imprastruktura o pagtatayo ng gusali ay hindi kwalipikado para sa pagpopondo ng Transit-Oriented Communities Grant ng VTA. Karagdagan pa, ang mga proyektong nakakatanggap na ng pondo mula sa Transit-Oriented Communities 2024 Grant Cycle ng VTA ay hindi karapat-dapat para sa karagdagang pagpopondo mula sa Transit-Oriented Communities Grant ng VTA.

Hindi pagkakalooban ang mga aplikante at hindi makakagamit ng mga pondo para sa hindi hinihiling na mga mungkahi, o inisyatibong pagbibigay ng mga serbisyo para sa o sa ngalan ng VTA. Tinatanggap ng VTA ang [hindi hinihiling na mga mungkahi sa pamamagitan](#) ng mga Kontrata at Procurement ng VTA.

Hindi magagamit ng mga Aplikante ang mga pondo upang mag-udyok, labag sa batas na mandiskrimina, manligalig, o pahintulutan ang panliligalig laban sa sinumang tao dahil sa lahi, relihiyosong paniniwala, kulay, sekso, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, bansang pinagmulan, ninuno, pisikal na kapansanan, (kabilang na ang HIV at AIDS), mental na kapansanan, medikal na kondisyon (kabilang ang cancer), henetikong impormasyon, katayuan sa kasal, edad (lampas 40), sekswal na oryentasyon, o katayuan sa militar o beterano, o magsulong ng relihiyon o relihiyosong mga aktibidad.

IV. PAGIGING AVAILABLE NG PONDO NG GRANT PROGRAM

A. Mga Area ng Programang ng Transit-Oriented Communities

Pinopondohan ng Transit-Oriented Communities ng VTA ang iba't ibang aktibidad na nagpapanyaring maging pantay-pantay at nasusutinihan ang pangarap ng Transit-Oriented Communities sa palibot ng mga istasyon ng transit at sa mga transit center sa County ng Santa Clara. Available ang pagpopondo ng Grant para sa mga lokal na mga organisasyong hindi pangnegosyo (non-profit), komunidad, at mga Lokal na Ahensya para sa mga pagsisikap na nakaayon sa sumusunod na mga Area ng Programang Transit-Oriented Communities. **Maaari lamang mag-apply ang mga aplikante para sa isang Area ng Programa.**

Ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, pinakamataas na laki ng grant, at termino ng grant (tagal) para sa bawat Area ng Programa ng Transit-Oriented Community ay mapapansin sa ibaba ng Talahanayan 1.

Talahanayan 1: Pangkalahatang-Ideya ng Programant Grant ng Transit-Oriented Communities				
	Area ng Programa A: Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran	Area ng Programa B: Katatagan ng Komunidad	Area ng Programa C: Edukasyon at Pakikibahagi	Area ng Programa D: Placekeeping, Sining, at Activation
Mga Aplikanteng Karapat-dapat	Mga Lokal na Ahensya	Community-Based Organization	Lokal na mga Ahensya at/o Community-Based Organization	Lokal na mga Ahensya at/o Community-Based Organization
Maximum na Laki ng Grant	\$150,000	\$100,000	\$25,000	\$25,000
Termino ng Grant	2 hanggang 5 taon	2 hanggang 5 taon	1 hanggang 2 taon	1 hanggang 2 taon

Programa A. Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran

Nilalayon ang Area ng Programa na tulungan ang mga Lokal na Ahensya na makapaghanda at makaagapay sa pangmatagalang mga plano, patakaran, pamantayan at kodigo upang matamo ang tatlong susing tunguhin: (1) itaon ang paglago sa hinaharap ng County ng Santa Clara sa gayon ito ay maging pantay-pantay, nasusustinihan, at nasa loob ng kalahating milyang layo mula sa mga istasyon ng transit at mga center: (2) nakaayon sa mga patakaran ng Transit-Oriented Communities ng VTA at MTC, at (3) pagsamahin ang sining at/o pantay-pantay na mga patakaran sa pakikibahagi at mga programa sa kasalukuyan at mga pagpaplanong pagsisikap. Ang mga pondong ito ay pwedeng maging kasamang pagtutugma ng grant.

kasama sa mga karapat-dapat na mga aktibidad, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapasulong ng mga plano at proses ng lugar ng istasyon; pagpapalano sa pag-access sa transit at ebalwasyon sa hadlang sa pag-access;
- Pag-ayon sa lokal na kodigo at mga patakaran sa Patakaran ng Transit-Oriented Communities ng MTC; at
- Pagpapaunlad at pagsasama ng mga programa sa sining ng munisipyo at/o mga programa ng pantay-pantay na pakikibahagi sa kasalukuyan at tuloy-tuloy na mga plano sa lugar ng istasyon, pati na sa paggamit ng lupa, at mga patakaran sa pagsona sa palibot ng Caltrain, sa mga istasyon ng transit at mga transit hub ng VTA.

Programa B. Katatagan ng Komunidad

Ang Area ng Programa ay nilalayon upang suportahan ang Community-Base Organization sa tatlong susing area (1) pinatataas ang katatagan at pagiging di-natitinag

ng mga komunidad na malapit sa transit, (2) isinusulong at gumanap ng mas malaking papel sa pagpapatupad ng masigla, inklusibo, balanse, at pantay-pantay na Transit-Oriented Communities, at (3) palakasin ang umuusbong na mga kapartner sa pagpapaunlad ng komunidad upang isulong ang inisyatibong abot-kayang halaga ng pabahay at pagiging di-natitinag ng maliit na negosyo.

Kasama sa mga halimbawa ng mga karapat-dapat na aktibidad, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng teknikal na tulong, tulad ng pagpopondo para sa mga gastusin sa pagkonsulta sa pre-acquisition
- Pantanging suporta sa bago at mas maliliit na organisasyon para palawakin ang kapasidad at para makapag-develop ng bagong abot-kayang pabahay, at/o kumuha, mag-rehabilitate ng kasalukuyang naka-subsidized na abot-kayang pabahay;
- Pagpapabilis ng mga pakikipagpartner sa pagitan ng mga ahensya ng transit, lokal na mga pamahalaan at mga miyembro ng komunidad na iayon ang mga pagpapaunlad sa mga layunin ng Transit-Oriented Communities; at
- Pagsuporta at pagsustini ng maliliit na negosyo na mag-aambag sa pagkakakilanlan ng komunidad at paglago ng ekonomiya.

Programa C. Edukasyon at Pakikibahagi

Ang Area ng Programa na ito ay upang suportahan ang pamumuno sa pamayanan at pantay-pantay na pakikibahagi sa Transit-Oriented Communities sa pamamagitan ng pagbibigay ng madaling ma-access na impormasyon at mga mapagkukunan na magbibigay-lakas sa mga miyembro ng komunidad upang aktibong humubog sa pantay-pantay at nakakonekta nang maayos na Transit-Oriented Communities. Nagsisikap din itong itampok ang transit bilang isang mahalagang serbisyo sa loob ng umuunlad na Transit-Oriented Communities sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga benepisyo nito at pagtatampok sa mga boses ng komunidad, lokal na mga kwento ng tagumpay, at pagsusulong ng pagiging kabilang ng lahat ng miyembro ng komunidad.

Kasama sa mga halimbawa ng mga karapat-dapat na aktibidad, ngunit hindi limitado sa:

- Pagsasagawa ng mga kampanya ng pampublikong kamalayan (hal., mga inisyatibong pang-edukasyon sa mga patakaran ng TOC upang madagdagan ang kaunawaan at pakikibahagi, pagsusulong ng transit sa pamamagitan ng malikhaing pagsisikap na makipag-ugnayan tulad ng scavenger hunts, geocaching, mga pasaporte sa paglalakbay);
- Pang-edukasyong aktibidad na nakapokus sa transit (hal., mga kampanyang transit-to-school/work);
- Mga inisyatibong nakapokus sa pagkakapantay-pantay upang ma-accommodate ang pakikibahagi ng komunidad (hal., mga serbisyong pagsasalin/interpretasyon, promotoras, pagkain, pangangalaga ng bata) at
- Pagbibigay ng access sa pabahay/suporta sa pagiging handa (hal., mga workshop sa pagiging handa sa aplikasyon ng pabahay at may-ari ng bahay).

Programang D. Placekeeping, Sining, at Activation

Ang Area ng Programa ay nilalayong paramihin ang sumasakay sa transit at pangkahatang karanasan ng komunidad sa pamamagitan ng masigla at nakakaakit na mga espasyong pampubliko na gumagamit ng sining at pangkulturang kapahayagan o pagpapaganda ng komunidad. Ang layunin ay upang pagyamanin ang pagkadama na pagiging komunidad, gumanyak ng interaksyon ng lahat ng henerasyon at pinagmulan, at magsulong ng pagpapanatili ng lugar na magpapanatili ng lokal na kultura, kasaysayan, o paniniwala, at ilagay ang mga istasyon ng transit at mga transit hub bilang ligtas, madaling marating, kaakit-akit na mga desitinasyong pangkultura. Ang proyekto ay magreresulta ng masiglang access sa loob at sa palibot ng mga istasyon ng transit at magpopokus sa kaalwanan at karanasan ng mga naglalakad upang pagandahin ang kapaligiran ng pasahero ng transit.

Kasama sa mga halimbawa ng mga karapat-dapat na aktibidad, ngunit hindi limitado sa:

- Ang mga proyektong sining at kultura na nagpapaganda ng koneksyon ng transit at kultura ng komunidad/pagkakakilanlan (hal., mga muralya sa pamayanan at pampublikong sining na nilikha ng mga miyembro ng komunidad at mga pagsasaaktibo ng komunidad na nakabase sa sining);
- Pangkalahatan at inklusibong disenyo, naa-access, nakabase sa imahe, nakabase sa kulay na paghahanap ng daan na angkop sa mga residente na may iba't ibang edad, kakayahan, at wika;
- Mga pangkultura at pangkomunidad na selebrasyon na nagpapatatag sa kasalukuyang komunidad at nagiging sanhi ng pagtaas at nasusustinihang paggamit ng transit (hal., mga outdoor activity na nakikita mula sa kalye at nararating ng publiko, tulad ng mga kapistahan sa kalye, mga performance, pangmakaranasang mga eksibit ng sining, pagkain at mga gumagawa ng pop-up).

Para sa mga pagkakabit ng sining, dapat na ang proyekto ay malinaw na nakikita mula sa kalye, sa pampublikong lugar at/o istasyon ng transit/center.

V. ESKEDYUL AT PROSESO NG APLIKASYON NG GRANT PROGRAM NG TRANSIT-ORIENTED COMMUNITIES

Ang sumusunod ay isang preliminaryong eskedyul ng mga inaasahang petsa para sa mga susing aktibidad at mga milestone sa proseso ng Transit-Oriented Community Grant, at ayon nilayon na magbigay ng tinatayang timeline para sa mga aplikante. Ang aplikante ay dapat na sumangguni sa eskedyul na naka-post sa <http://www.vta.org/tocgrant> webpage.

<u>Abiso ng Paglalabas ng Pagiging Available ng Pondo (NOFA)</u>	<u>Mayo 05, 2025</u>
<i>Mga Workshop ng Pre-Application</i>	<i>Maaaga hanggang sa Kalagitnaan ng Mayo 2025</i>
<i>Deadline ng Pagsusumite ng mga Tanong</i>	<i>Hunyo 02, 2025</i>
<u>Deadline ng mga Pag-aaplay</u>	<u>4:00 PM sa Hunyo 11, 2025</u>
<i>Mga Rekomendasyon sa Paglalathala ng Pagkakaloob</i>	<i>Dulong bahagi ng Hulyo 2025</i>
<i>Deadline ng Pagsusumite ng Apela</i>	<i>Dulong bahagi ng Hulyo 2025</i>
<u>Pagpapabatid ng mga Pagkakaloob</u>	<u>Setyembre 2025</u>

Ang pagkakataon na makapag-aplay ay bukas simula **Mayo 5, 2025** hanggang **Hunyo 11, 2025**. Dapat isumite ang mga aplikasyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng <http://www.vta.org/tocgrant> webpage sa ika-**4:00PM sa Lunes, Hunyo 11, 2025**. Ang mga gabay sa pag-aplay sa Espesipiko sa Area na Programa ay makikita sa Apendise B.

Kung ang pagsusumite sa paraang digital ay talagang hindi posible, tatanggapin ng VTA ang mga had copy ng mga Aplikasyon na natanggap sa pamamagitan ng koreo o drop off ng mga Headquarter ng VTA sa petsa ng deadline ng Pag-aaplay. Dapat na iadres ang mga aplikasyon sa:

VTA's Transit-Oriented Communities Grant Program
Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street, Bldg. A
San José, CA 95134

A. Mga Workshop ng Pre-Application

Magho-host ang VTA ng lima na Workshop ng Pre-Application. Lahat ng aplikante ay kinakailangang dumalo sa isang Pre-Application Workshop, ngunit welcome silang dumalo nang higit pa kung gusto nila. Lahat ng workshop, rerepasuhin ng kawani ng VTA ang mga tagubilin, tayming, at proseso ng aplikasyon ng Transit-Oriented Communities Grant, magbibigay ng paglilinaw sa mga inaasahan sa grant kabilang na ang isang pagrepaso ng mga salik ng tagumpay at di-tagumpay na mga aplikasyon mula sa nakaraang grant cycle, at kasama rito ang live na Q&A.

Idaraos ang Pre-Application Workshop kapwa sa mga dumadalo sa in-person at virtual. Kinakailangan ang pagpaparehistro para sa lahat ng kaganapan. Mangyaring bumisita sa <http://www.vta.org/tocgrant> para magrehistro at humanap ng higit pang mga detalye ng kaganapan. Magiging available online ang mga rekording ng virtual na Pre-Application Workshop sa YouTube channel ng VTA: <https://www.youtube.com/SCVTA>.

In-Person na Pre-Application Workshop:

- **Miyerkules, Mayo 13, 2025**
 - Oras: 1:30 p.m. – 2:30 p.m. PST
 - Magrehistro: [TOC-Grant-May-13.eventbrite.com](https://www.eventbrite.com/e/toc-grant-may-13)
 - Lokasyon:
Roosevelt Community Center
901 E Santa Clara Street
San Jose, CA 95116
- **Miyerkules, Mayo 22, 2025**
 - Oras: 1:30 p.m. – 2:30 p.m. PST
 - Magrehistro: [TOC-Grant-May-22.eventbrite.com](https://www.eventbrite.com/e/toc-grant-may-22)
 - Lokasyon:
Morgan Hill Community and Cultural Center
17000 Monterey Road
Morgan Hill, CA 95037

dulong bahagi ng Hulyo. Kasunod ng mga proseso ng pag-apela, pipiliin ng Evaluation Panel ang pinal na pagkakalooban.

D. Abiso sa Pagpili, Kasunduan sa Grant at mga Apela

Ipo-post ang pabatid ng paunang pagpili sa website ng Grant Program ng Transit-Oriented Communities sa <http://www.vta.org/tocgrant>. Lahat ng aplikante ay aabisuhan sa email. Makakatanggap ang mga napiling aplikante ng Abiso ng Intensyong Pondohan, binabalangkas ang pangangailangang pumasok sa Grant Agreement na tinutukoy ang mga obligasyon sa kasunduan at pag-uulat. Dalawang template ng kasunduan sa grantee, ang VTA-Community-Based Organization Sample Grant Agreement at ang VTA-Local Agency Sample Grant Agreement, ay available para ma-download sa <http://www.vta.org/tocgrant>. Dapat na sumang-ayon ang mga napiling grantee sa mga kasunduan at gawin ang angkop na kasunduan ng grant kasama ng VTA bilang kundisyon ng grant.

Ang mga aplikante na gustong iapela ang pagpili ng grantee ay makagagawa nito sa pamamagitan ng pag-email kay Jessie O'Malley Solis sa jessie.o'malleysolis@vta.org. Maaaring magsampa ng apela sa isa o higit pang basehan ng mga sumusunod na kalagayan:

- Kakayahang ma-access, at/o pagiging malinaw ng mga kinakailangan sa aplikasyon na nakakaapekto sa pagsumite ng aplikasyon;
- Salungatan ng interes;
- Mahigpit o mapangdiskriminang mga espesipikasyon.

Hindi isasaalang-alang ang mga apela kung ang mga ito ay batay sa sumusunod na mga kalagayan:

- Walang basehang reklamo (hal., mga personal na pag-atake, haka-haka);
- Di-pagsang-ayon tungkol sa kabutihan ng aplikasyon;
- Pagwasto ng mga pagkakamali ng aplikante at mga kulang sa aplikasyon. Lahat ng materyal sa aplikasyon ay itinuturing na kailangang isumite sa deadline ng aplikasyon;
- Ang pag-develop ng kaganapan at/o organisasyon na naganap pagkatapos ng deadline ng aplikasyon.

Ang mga liham ng pag-apela ay dapat matanggap sa loob ng 7 araw ng kalendaryo matapos ang anunsyo ng paunang pagpili. Tutugon ang VTA sa lahat ng apela sa loob ng limang araw ng negosyo kasunod ng pagsasara ng proseso ng pag-apela. Hindi na tatanggapin ang apela pagkalipas ng puntong ito.

VI. KARAGDAGANG IMPORMASYON

A. Kagang Impormasyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Transit-Oriented Communities ng VTA na nagtatrabaho ngayong petsa at Policy ng Transit-Oriented Communities ng VTA, bisitahin ang website ng Transit-Oriented Communities ng VTA sa <https://www.vta.org/programs/toc/>.

Para sa mga tanong patungkol sa Transit-Oriented Communities Program ng VTA, mangyaring mag-email sa TOCGrant@vta.org.

Para sa mga serbisyong pagsasalin at sa iba pang accommodation, mangyaring makipag-ugnayan sa Community Outreach ng VTA sa (408) 321-7575/TTY (408) 321-2330 o mag-email sa community.outreach@vta.org sa.

B. Mga Kalakip

Itong Notice of Funding Availability (NOFA), kabilang na ang mga sumusunod na dokumento ay available online sa <http://www.vta.org/tocgrant> upang tulungang gabayan ang mga aplikante sa proseso ng pag-aplay, at ipaalam sa kanila ang inaasahang mga kinakailangan para sa mga napiling grantee.

Apendise A: Karapat-dapat na mga Istasyon ng Transit ng Transit-Oriented Communities ng VTA at mga Transit Center

Isang listahan ng kasalukuyan at nakaplanong VTA, Caltrain, BART, at ACE na istasyon ng transit at mga transit center sa County ng Santa Clara. Kasama sa mga karapat-dapat na geography ang kalahating milyang distansyang paikot na nakalistang mga istasyon. Isang mapa ng mga karapat-dapat na geography ang available din sa www.vta.org/tocgrant webpage, kung saan inilaan ang [TOC Grant Eligibility Tool](#).

Apendise B: Transit-Oriented Communities Grant Cycle 2 ng VTA - Gabay sa Aplikasyon

Ang Gabay sa Aplikasyon ay binubuo ng mga template na nagpapakita ng online na aplikasyon para sa bawat Area ng Programa. Tinutukoy ng template ang kinakailangang impormasyon ng aplikante at ipinapaliwanag ang batayan sa pag-ebalwasyon para sa bawat seksyon. Maglalaan din ng nada-download na mga version ng Microsoft Word.

2025 Abiso ng Pagiging Available ng Pondo para sa Grant Cycle 2 ng Transit-Oriented Communities (TOC) VTA

Apendise A: Karapat-dapat na mga Istasyon ng Transit ng Transit-Oriented Communities ng VTA at mga Transit Center

Apendise A: Karapat-dapat na mga Istasyon ng Transit ng Transit-Oriented Communities ng VTA at mga Transit Center

Transit Centers	
Berryessa / North San José Transit Center (At Berryessa/North San José BART Station)	Mountain View Transit Center (At Mountain View Caltrain Station)
Alum Rock Transit Center (At Alum Rock Light Rail Station)	Palo Alto Transit Center (At Palo Alto Caltrain Station)
Diridon Transit Center (At San Jose Diridon Caltrain Center)	Santa Clara Transit Center (At Santa Clara Caltrain Station)
Eastridge Transit Center	Sunnyvale Transit Center (At Sunnyvale Caltrain Station)
Gilroy Transit Center (At Gilroy Caltrain Station)	West Valley College Transit Center
Milpitas Transit Center (At Milpitas BART Station)	Winchester Transit Center (At Winchester Light Rail Station)
ACE	
Great America Station	Santa Clara Station
BART	
28th Street/Little Portugal BART Station (Planned)	Downtown San José BART Station (Planned)
Berryessa / North San José BART Station	Milpitas BART Station
Diridon BART Station (Planned)	Santa Clara BART Station (Planned)
Caltrain	
Blossom Hill Caltrain Station	San Antonio Caltrain Station
California Avenue Caltrain Station	San Jose Diridon Caltrain Station
Capitol Caltrain Station	San Martin Caltrain Station
College Park Caltrain Station	Santa Clara Caltrain Station
Gilroy Caltrain Station	South San Antonio Caltrain Station
Lawrence Caltrain Station	Sunnyvale Caltrain Station
Morgan Hill Caltrain Station	Tamien Caltrain Station
Palo Alto Caltrain Station	
VTA Light Rail	
Alder Station	Japantown/Ayer Station
Alum Rock Station	Karina Station
Bascom Station	Lick Mill Station
Baypointe Station	Lockheed Martin Station
Bayshore/NASA Station	Mckee Station
Berryessa Station	Metro Station
Blossom Hill Station	Middlefield Station
Bonaventura Station	Moffett Park Station
Borregas Station	Montague Station
Branham Station	Mountain View Station
Campbell Station	Ohlone-Chynoweth Station
Capitol Station	Old Ironside Station
Champion Station	Orchard Station
Childrens Discovery Museum Station	Penitencia Creek Station
Cisco Station	Race Station
Civic Center Station	Reamwood Station
Component Station	River Oaks Station
Convention Center Station	San Antonio Station
Cottle Station	San Fernando Station
Cropley Station	Santa Clara Station
Crossman Station	Santa Teresa Station
Curtner Station	Snell Station
Diridon Station (At Diridon Caltrain Station)	Saint James Station
Eastridge Station (Planned)	Story Station (Planned)
Fair Oaks Station	Tamien Station (At Tamien Caltrain Station)
Fruitdale Station	Tasman Station
Gish Station	Vienna Station
Great America Station	Virginia Station
Great Mall Station	Whisman Station
Hamilton Station	Winchester Station
Hostetter Station	

***2025 Abiso ng Pagiging Available ng Pondo para sa
Grant Cycle 2 ng Transit-Oriented Communities
(TOC) ng VTA***

Apendise B: Gabay sa Pag-aplay

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Pakalahatang Ideya.....	iii
Programa A: Pagpaplano at implementasyon ng Patakaran.....	A-1
Programa B: Pagiging Di-natitinag ng Komunidad.....	B-1
Programa C: Edukasyon at Pakikipag-ugnayan.....	C-1
Programa D: Pag-iingat ng lugar, Sining, at Activation	D-1

Pangkalahatang Ideya

Binubuo ang Gabay sa Pag-aplay ng mga template na magpapakita ng online application para sa bawat Area ng Programa. Tutukuyin ng mga template ang kinakailangang impormasyon ng aplikante at ipapaliwanag ang batayan sa pag-evaluate para sa bawat seksyon.

Mga Tagubilin sa Pag-aplay

Mga Hakbang sa Pag-aplay sa Grant na ito.

1. Ang dokumentong ito ay nagsisilbing gabay sa pag-aplay para magbigay-alam kung paano susuriin at bibigyan ng score ang bawat seksyon ng aplikasyon.
2. I-download ang [napupunang Microsoft Word Application Worksheet](#). Kumpletuhin ang mga puwang sa Worksheet, gamit ang dokumentong Gabay sa Pag-aplay na ito bilang iyong reperensyang gabay.
3. Kopyahin ang iyong mga tugon mula sa dokumento ng Application Worksheet at i-paste sa application mula sa. Available ang aplikasyon sa www.vta.org/tocgrant.
4. Isumite ang online application. Awtomatiko kang makakatanggap ng email ng kumpirmasyon.
5. E-email ang anumang mga kalakip na aplikasyon sa tocgrant@vta.org. Gamitin ang linya ng paksa: [Pangalan ng iyong Organisasyon]- 2025 VTA TOC Grant – Program A.”

Area ng Programa A: Pagpapalano at Implementasyon ng Patakaran

	Seksyon ng Aplikasyon	Ebalwasyon
Q#	Seksyon 1: Impormasyon ng Aplikante	
1	Pangalan ng Lokal na Ahensya	Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante
2	Adres ng Ahensya	Para sa impormasyon – hindi para sa ebalwasyon
3	Website ng Ahensya (opsyonal)	
4	Taong Kokontakin ng Aplikante (Pangalan, Apelyido)	
5	Contact Email ng Aplikante	
6	Telepono ng Aplikante (opsyonal)	
7	Nakipag-ugnayan ba o nakipagtulungan sa mga departamento ng VTA ang iyong ahensya nitong huling nakalipas na 12 buwan? Kung oo, mangyaring ilarawan.	

Q#	Seksyon 2: Impormasyon ng Proyekto	
8	Pangalan ng Proyekto <i>Mangyaring ibahagi ang pangalan ng proyekto. Dapat may deskripsyon ito, maikli at direkta</i>	Para sa impormasyon - hindi para sa ebalwasyon
9	Maikling Deskripsyon ng Proyekto <i>Mangyaring magbigay ng maikling talata na naglalarawan ng iyong proyekto</i> <i>(Mangyaring limitahan ang iyong deskripsyon sa 80 salita o mas kaunti pa)</i>	
10	Lokasyon/Adres ng Proyekto <i>(Adres ng Kalye, Lungsod, Zip Code)</i> <i>Pansinin: Dapat ang lokasyon ng proyekto ay nasa loob ng ½ milya ng pasilidad ng transit o transit center ng VTA.</i>	Kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat ng heograpiya
11	Istasyon/Transit Center ng Transit Oriented Communities (TOC) <i>Mangyaring piliin ang karapat-dapat na istasyon/transit center mula sa drop-down menu:</i> <i>(Maaari mo ring gamitin ang TOC VTA Grant Eligibility Map upang kumpirmahin kung sa aling karapat-dapat na heograpiya kabilang ang iyong proyekto)</i>	

Q#	Seksyon 2: Impormasyon ng Proyekto	
12	Uri ng Proyekto Pumili ng isa o higit pang sumusunod na uri ng proyektong karapat-dapat na pinakanaglalarawan ng iyong Proyekto: ☐ Pagpaplano ng area ng istasyon ☐ Pagpaplano ng pag-access sa transit at/o pagsusuri ng hadlang sa pag-access ☐ Code at policy alignment sa TOC Policy ng MTC ☐ Programang sining ng munisipyo upang suportahan ang planong area ng istasyon o paggamit ng lupa/mga update sa patakaran sa zoning ☐ Plano sa patas na pakikibahagi upang suportahan ang plano sa area ng istasyon o paggamit ng lupa/update sa patakaran sa zoning ☐ Iba pa (mangyaring ilarawan)	Kumpirmahin ang karapat-dapat na aktibidad
13	Paglalarawan ng Proyekto Mangyaring ilarawan kung paano nakaayon ang iyong iminungkahing proyekto o programa sa mga Layunin ng Grant Program ng TOC gaya ng inilarawan sa Seksyon II.C ng Notice of Funding Availability (Abiso ng Availability ng Pondo). (Mangyaring limitahan ang iyong paglalarawan sa 500 salita o mas kaunti pa)	Kumpirmahin ang pag-aayon sa mga Layunin ng Grant Program ng TOC
14	Kahilingan na Halaga ng Grant Pansinin: ang pinakamalaking kahilingan ay \$150,000.	
15	Tugma Mangyaring magbigay ng naka-commit o inaasahang \$ na halaga Pansinin: 15% tugmang kinakailangan para sa Lokal na mga Ahensya (pinapayagang mabait (in-kind) na mga serbisyo)	Kinakailangan sa Tugmang Aplikante

Q#	Seksyon 3: Administratibong mga Elemento	
	<i>Ang batayan sa mga pang-administratibong element ay para lamang sa pag-evaluate ng pagiging handa ng proyekto at kakayahan sa implementasyon</i>	
16	Inaasahang Petsa ng Pagsisimula ng Proyekto <i>Dapat masimulan ang proyekto sa loob ng 1 taon ng inaasahang award</i>	<i>Kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat ng proyekto</i>
17	Inaasahang Petsa ng Pagtatapos ng Proyekto <i>Dapat na makumpleto ang proyekto sa loob ng 5 taon mula ng magsimula ang proyekto</i>	
18	Iskedyul ng Proyekto <i>Mangyaring isama ang iminungkahing iskedyul ng proyekto na nagdirin sa kung paano matatamo ng pagpopondo ng grant ang partikular na mga milestone, at deskripsyon ng bawat milestone.</i>	<u>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (2) puntos ang ipagkakaloob sa isang aplikasyon na kinabibilangan ng:</u> - Kumpleto at detalyadong iskedyul na kinabibilangan ng mga milestone ng iba't ibang mahahalagang aktibidad; AT - Isang makatotohanang timeline.
19	Iminungkahing Badyet <i>Mangyaring isama ang badyet ng proyekto na mayroong kabuuang gastos ng proyekto na nagbabalangkas ng mga pang-administratibong gastos, at anumang iba pang mga gastos na kinakailangan para sa implementasyon ng proyekto. Mangyaring tandaan na kung maghahabol ng karagdagang pondo para sa proyektong ito, at kung aling iba pang pagmumulan ng pondo ang tinukoy pati na ang katayuan ng gayong pinagmumulan ng pondo.</i>	<u>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (2) puntos ang ipagkakaloob para:</u> - Isang kumpleto at detalyadong badyet na may mga makatotohanang pagtaya para sa iba't ibang elemento ng gastusin, kabilang na ang panahon ng mga kawani/boluntaryo; AT - Isang makatotohanang kakayahan na tapusin ang mga aktibidad ng grant sa loob ng hiniling na halaga; O - Malinaw na tinutukoy ng badyet ang inaasahang karagdagang mapagkukunan ng badyet, at naglalaan ng sapat na impormasyon para magkaroon ng tiwala sa kakayahan na i-secure ang tugmang pondo na kinakailangan para matapos ang proyekto.
20	Pahayag ng Pakikipagpartner (Opsyonal) <i>Mangyaring isama ang pahayag na nasa ibaba na tumutukoy sa istrategikong pakikipagpartner na kinakailangan para implementasyon ng proyekto, at kung nakipag-ugnayan.</i> <i>Ang liham ng suporta mula sa kapartner ay maaaring 'ilakip' sa email kasunod ng pagsusumite ng aplikasyon</i> ☐ <i>Tsekan ang kahon na ito para malaman na gusto mong magsumite ng liham ng suporta</i>	<u>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (1) puntos ang ipagkakaloob para sa mga aplikasyon na:</u> Magbibigay ng pahayag na tinutukoy ang pakikipagpartner sa ibang mga ahensya (County, MTC, Caltrans, Valley Water, atbp.), mga komunidad (hal., suporta mula sa mga CBO o mga asosasyong pampamayanan), o mga pribadong entidad (kung nakikipagpartner sa mga korporasyon o developer).

Q#	Seksyon 4: Mga Elemento ng TOC	
21	Pinaglilingkurang Komunidad <i>Mangyaring tukuyin at ilarawan ang demograpikong katangian ng pinaglilingkurang komunidad ng iyong proyekto. Isama ang impormasyon tungkol sa anumang makasaysayan o kasalukuyang mga hadlang sa pagkakapantay-pantay ng mga miyembro ng komunidad na ito na naranasan nila.</i> <i>Opsyonal: Mangyaring pansinin kung ang iyong proyekto ay matatapuan sa loob ng MTC Equity Priority Community. Ang MTC Equity Priority Communities ay tinukoy sa kulay mapusyaw na pula sa TOC VTA Grant Eligibility Map.</i> <i>(Mangyaring panatilihin ang iyong tugon sa 200 salita o mas kaunti pa)</i>	<u>Para sa ebalwasyon - Maximum na (2) puntos ang ipagkakaloob sa isang aplikante na:</u> • Tinutukoy at inilalarawan ang mga demograpikong element ng disbintaha o pagkakabukod, o hindi pinalad na pinaglilingkurang komunidad ng proyekto; AT • Malinaw na tinutukoy at ipinapaliwanag ang ugat ng dahilan ng mga hadlang na napaharap ng komunidad na iyon.
22	Mga Aktibidad at Resultang Nakatuon sa Pagkakapantay-pantay <i>Mangyaring ipaliwanag kung paano tinutugunan ng inyong proyekto ang makasaysayan o kasalukuyang mga handlang sa pagkakapantay-pantay. Isama ang kung paano isasama ng proyekto ang patas na proseso at mga resulta para sa mga miyembro ng komunidad.</i> <i>(Mangyaring panatilihin ang iyong tugon sa 200 salita o mas kaunti pa)</i>	<u>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (3) puntos ang ipagkakaloob sa aplikante na:</u> • Malinaw na inilalarawan ang patas na proseso at inaasahang patas na mga resulta ng proyekto/programa.
23	Mga aktibidad/insentibo na nakatuon sa transit <i>Mangyaring pumili kung alin, kung mayroonman, ng mga sumusunod na aktibidad na inaasahan mong isasama sa pagdevelop/implementasyon ng iyong proyekto.</i> ☐ Mag-develop ng pagpapalano ng pagbyahe ng transit para sa mga empleyado, boluntaryo, at inisponsorang kaganapan ☐ Bigyan ng insentibo ang aktibong transportasyon, tulad ng paglalakad, pagbibisikleta, pagpapagulong, at/o paggamit ng transit upang dumalo sa mga aktibidad ng grant ☐ Mag-develop ngistratehiya ng marketing na nagdiriin ng pagsakay sa transit ng VTA patungo sa mga aktibidad/kaganapan ng grantee ☐ Magbigay ng oportunidad para sa VTA tabling sa isang aktibidad para sa edukasyong nauugnay sa transit ☐ Bumili ng mga pases ng transit (hal., Clipper Card, VTA SmartPass) para sa mga empleyado at/o mga kasali sa programa ☐ Mag-develop ng espesyal na karatula upang akayin ang mga patron patungo sa transit sa mga lugar ng aktibidad ng grant ☐ Mangolekta ng mga kwentong transit at mga tesimonya mula sa mga empleyadong grantee, boluntaryo, patron - tungkol sa kung paano sila nakarating sa aktibidad, trabaho, atbp. ☐ Isali ang paggamit ng transit sa mga survey o iba pang pampublikong mga tool sa pakikibahagi (hal., mangolekta ng data tungkol sa mga pagpipiliang transportasyon) ☐ Iba pa (mangyaring ilarawan)	<u>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (3) puntos ang ipagkakaloob sa aplikasyon na tutukoy sa:</u> • Di-bababa sa dalawang (2) aktibidad/insentibo na nagpapasigla sa paggamit ng trasit sa gitna ng mga kawani ng organisasyon, boluntaryo, at mga kasali sa proyekto/programa; AT • Di-bababa sa isang (1) istrategiya sa pag-survey ng mga pagpipiliang transit at transportasyon sa gitna ng mga constiuent/stakeholder, at/o pagsukat ng paglago/pagbabago sa paggamit ng transit sa buong timeline ng proyekto.

Q#	Seksyon 4: Mga Elemento ng TOC	
24	Dami ng Sumasakay sa Transit <i>Mangyaring ilarawan kung paanong ang iyong proyekto ay magdudulot ng pagtaas sa paggamit ng transit. Tukuyin ang mga serbisyo ng transit (hal., mga bus o light-rail line) na inaasahang kakikitaan ng karagdagang pagdami ng sumasakay, at kung paano patataasin ng iyong proyekto ang paggamit ng komunidad ng mga serbisyong ito.</i> <i>Halimbawa: paano patataasin ng proyektong ito ang katangian ng istasyon bilang isang sentro ng transit sa inyong area ng istasyon? Paano tutugunan ng proyektong ito ang mga hadlang sa kasalukuyang paggamit ng transit/ Paano susuportahan ng iyong proyekto ang mga taong umaasa sa transit, o babawasan ang pagiging umaasa sa mga pribadong sasakyan?</i> <i>Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyong transit sa inyong area ng proyekto, mangyaring sumangguni sa Ridership by Stop SCVTA Open Data Site.</i> <i>(Mangyaring panatilihin ang iyong tugon sa 200 salita o mas kaunti pa)</i>	<u><i>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (2) puntos ang ipagkakaloob sa aplikasyon na malinaw na:</i></u> <i>Tinutukoy sa mga serbisyong transit na inaasahang magkakaroon ng positibong epekto sa pamamagitan ng mga aktibidad ng proyekto at/o mga resulta ng proyekto;</i> AT <i>Inilalarawan ang koneksyon sa pagitan ng mga aktibidad/resulta ng proyekto at pangmatagalang pagtaas ng paggamit ng transit.</i>

Q#	Seksyon 5: Pagpapalano at Patakaran	
25	Pag-ayon sa Panrehiyong Patakaran Mangyaring ilarawan kung paano pasusulungin ng proyekto ang pag-ayon nito sa Patakaran ng MTC Transit-Oriented Communities, o pagkakaugnay nito sa pagsisikap na sumusuporta sa pag-ayon sa Patakaran ng MTC Transit-Oriented Communities. Para sa higit pang impormasyon sa Patakaran ng Transit-Oriented Communities ng MTC, bisitahin ang https://mtc.ca.gov/planning/land-use/transit-oriented-communities-toc-policy. (Mangyaring panatilihin ang iyong tugon sa 500 salita o mas kaunti pa)	<u>Para sa Ebalwasyon</u> - Maximum na (4) na puntos ang ipagkakaloob para sa aplikasyon na isasama ang: - Pagpapalano ng area ng istasyon o mga update sa patakaran sa paggamit ng lupa na magdudulot ng pagtaas ng bahagi sa paglago sa hinaharap ng Santa Clara County sa loob ng ½ milyang mga istasyon ng transit; AT - Mga aktibidad na espesipikong pumupuntirya sa pag-ayon sa Patakaran ng MTC TOC.
26	Pagpapasulong ng Transit-Oriented Development Mangyaring ilarawan kung paano direktang makikinabang sa proyekto ang lugar ng TOD sa palibot ng mga istasyon ng transit, kabilang na ang mga lugar na pag-aari ng VTA. Para sa higit pang impormasyon sa mga lugar ng TOD Portfolio ng VTA, bisitahin ang https://www.vta.org/programs/toc/transit-oriented-development/projects-portfolio (Mangyaring panatilihin ang iyong tugon sa 500 salita o mas kaunti pa)	<u>Para sa Ebalwasyon</u> - Maximum na (3) puntos ang ipagkakaloob para sa aplikasyon na isasama ang: - Ang mga update sa zoning at/o patakaran na nagpapadali sa pagiging karapat-dapat sa magkahalong-gamit, at magkahalong-kita na pagde-develop sa palibot ng mga istasyon ng transit at transit hub; AT - Mga aktibidad na magdudulot ng mga benepisyo sa mga lugar o proyekto ng VTA TOD Portfolio.

Q#	Seksyon 5: Pagpapalano at Patakaran	
27	Pag-ayon sa mga Layunin ng Grant Program ng VTA TOC <i>Mangyaring ilarawan kung paano isasama ng proyekto ang mga aktibidad na susuporta sa pagpapanatili ng lugar at pampublikong buhay, at/o pagpapasulong ng iba pang Layunin ng Grant Program ng VTA Transit-Oriented Communities gaya ng sinasaad sa Seksyon II C ng NOFA.</i> Available ang Patakaran ng TOC ng VTA dito: https://www.vta.org/programs/toc/policy (Mangyaring panatilihin ang iyong tugon sa 500 salita o mas kaunti pa)	<i>Para sa Ebalwasyon - Maximum na (3) na puntos ang ipagkakaloob para sa aplikasyon na isasama ang:</i> - Mga aktibidad na sumusuporta sa pagpapanatili ng lugar at pampublikong buhay sa palibot ng transit, tulad ng pagsasama ng mga programa sa sining ng munisipyo sa mga planong area ng istasyon o sa iba pang mga patakaran na nakakaapekto sa mga lugar sa loob ng ½ milya ng isang istasyon; AT - Aktibidad na pormal na nagsasama ng patas na pakikibahagi bilang bahagi ng pang-institusyong proseso para sa pagpapalano ng area ng istasyon at/o iba pang mga gawaing pagpapalano; AT - Mga aktibidad ng muling pagsona na nagpapadali sa produksyon ng paggawa ng pabahay o abot-kayang pabahay sa mga lupain na pag-aari ng publiko sa loob ng ½ milya ng mga istasyon ng transit o transit hub.

Q#	Mga Kalakip
28	Mga Kalakip <i>Mangyaring itala ang anumang mga dokumento na gusto mong isumite bilang mga kalakip sa aplikasyong ito. Dapat na isumite ang mga kalakip ng aplikasyon sa pamamagitan ng pag-email sa tocgrant@vta.org hindi lalampas sa deadline ng aplikasyon sa ika-4:00 PM sa Miyerkules, Hunyo 11, 2025.</i> Gamitin ang linya ng paksa: [Pangalan ng iyong Organisasyon]- 2025 VTA TOC Grant – Program A.”

Buod ng Pagbibigay ng Score

Ang kumpletong mga aplikasyon na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay bibigyan ng score gamit ang inilaang batayan, kung angkop. Maximum na mga puntos para sa bawat batayan ang binigyang-pansin. Kinakalkula ang mga score bilang percentage ng mga nakuhang puntos mula sa kabuuang puntos na posibleng makuha para sa bawat batayan. Mangyaring pansinin na ang mga puntos ay ira-round sa pinakamalapit na $\frac{1}{4}$ point. Sa lahat ng kaso, ipagkakaloob ang mga puntos na hanggang sa kung saan natugunan ang batayan. Kailangan ng minimum na bilang ng puntos para sa bawat kategorya, gaya ng binigyang-pansin sa talahanayan sa ibaba. Ang mga aplikasyong hindi nakaabot sa minimum na score ay hindi mapipili para sa pagpopondo.

Batayan ng Ebalwasyon/Seksyon	Mga Available na Puntos	Porsyento ng Kabuuan	Minimum na Katanggap-tanggap na Score
Administratibo	5 puntos	(20% ng kabuuan)	2/5
- <i>Organisasyon (timeline)</i>	2 puntos	(8%)	
- <i>Badyet</i>	2 puntos	(8%)	
- <i>Pakikipagpartner</i>	1 puntos	(4%)	
Mga Elemento ng TOC	10 puntos	(40% ng kabuuan)	4/10
- <i>Mga Populasyon ng Pagkakapantay-pantay</i>	2 puntos	(8%)	2/5
- <i>Pantay na Kinalabasan</i>	3 puntos	(12%)	2/5
- <i>Mga Aktibidad na Sumusuporta sa Transit</i>	3 puntos	(12%)	
- <i>Pagkahilig sa Transit</i>	2 puntos	(8%)	
Programa A Pagpapalano at Patakaran	10 puntos	(40% ng kabuuan)	4/10
- <i>Pag-aayon sa Panrehiyong mga Prayoridad</i>	4 puntos	(16%)	
- <i>Pagpapadali ng TOD</i>	3 puntos	(12%)	
- <i>Pag-aayon sa mga Layunin ng Grant ng VTA TOC</i>	3 puntos	(12%)	
Kabuuan	25 puntos	100%	10/25 puntos

Area ng Programa B: Pagiging Di-natitinag ng Komunidad

	Seksyon ng Aplikasyon	Ebalwasyon
Q#	Seksyon 1: Impormasyon ng Aplikante	
1	Pangalan ng Organisasyon <i>Kailangang tugma sa iyong federal tax ID number ang titulo ng organisasyon para sa layuning pagberipika. Kung ang iyong organisasyon ay Doing Business As (DBA) (Nagsasagawa ng Negosyo Bilang) sa ilalim ng ibang pangalan, mangyaring malinaw din itong tukuyin</i>	Para sa impormasyon - hindi para sa ebalwasyon
2	Adres ng Organisasyon	
3	Website ng Organisasyon (opsyonal)	
4	Taong Kokontakin ng Aplikante (Pangalan, Apelyido)	
5	Contact Email ng Aplikante	
6	Telepono ng Aplikante (opsyonal)	
7	Deskripsyon ng Organisasyon/Kapahayagan ng Misyon (opsyonal) <i>(Mangyaring limitahan ang iyong deskripsyon sa 80 salita o mas kaunti pa)</i>	
8	Taon ng pagsisilbe sa Santa Clara County <i>Dapat na ang mga aplikante ay nagseserbisyo sa Santa Clara County nang di-baba sa isang taon</i>	Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante
9	Nakibahagi ka ba o nakipagtulungan sa departamento ng VTA sa nakalipas na 12 buwan? Kung oo, mangyaring ilarawan.	Para sa impormasyon - hindi para sa ebalwasyon
10	Kahilingan na Halaga ng Grant <i>Pansinin: ang maximum na hiling ay \$100,000</i>	
11	Karagdagang Pinagmumulan ng Pondo <i>Mangyaring tukuyin ang anumang karagdagang mga mapakukunan ng pondo ng grant at halaga, kung angkop, na layuning gamitin ng iyong organisasyon para sa pagde-deliver ng proyektong ito. Mangyaring tiyakin na isama ang impormasyon tungkol sa karagdagang panggagalingan ng pondo bilang bahagi ng badyet (Tanong 23)</i>	
12	Mangyaring tukuyin kung ang iyong organisasyon ay mayroong 501(c)3 Non-Profit status, o kung gumagamit ng 501(c)3 Fiscal Sponsor <i>Dalawang opsyon:</i> A. Ang aking organisasyon ay isang 501(c)3 non-profit B. Ang aking organisasyon ay nakikipagpartner sa 501(c)3 non-profit fiscal sponsor	Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante → A. magpatuloy sa Tanong #13 → B. magpatuloy sa Tanong #13.1
13	501(c)3 Status <i>Mangyaring ibigay ang Federal EIN para sa iyong organisasyon</i>	Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante → Magpatuloy sa Tanong #14
13.1	Mangyaring tukuyin ang 501(c)3 Non-Profit Fiscal Sponsor kung saan nakikipagpartner ang iyong organisasyon. <i>Kailangang tugma ang federal tax ID number sa titulo ng organisasyon para sa layuning pagberipika. Kung ang iyong organisasyon ay Doing Business As (DBA) (Nagsasagawa ng Negosyo Bilang) sa ilalim ng ibang pangalan, mangyaring malinaw din itong tukuyin</i>	Para sa impormasyon - hindi sa ebalwasyon
13.2	501(c)3 Status ng Fiscal Sponsor <i>Mangyaring ibigay ang Federal EIN para sa iyong Fiscal Sponsor</i>	Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Aplikante

Q#	Seksyon 2: Impormasyon ng Proyekto	
14	Pangalan ng Proyekto <i>Mangyaring ibahagi ang pangalan ng proyekto. Dapat may deskripsyon ito, maikli at direkta</i>	<i>Para sa impormasyon - hindi para sa ebalwasyon</i>
